T-ILE

Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

EXCERPTS FROM THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION OF THE SANGGUNIANG BAYAN OF ROXAS, ORIENTAL MINDORO HELD ON 01 JULY 1996, 9:00 A.M. AT THE SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL.

- -

Present:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	- Presiding Officer
Kagawad Cesar T. Babiosa	- Member
Kagawad Angelas D. Bautista	- Member
Kagawad Ramil O. Dimapilis	- Member
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	- Member
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	- Member
Kagawad Honesto O. Taytay	- Member
Kagawad Eduardo G. Villamin	- Member, ABC President

Absent:

Kagawad Ferdinand V. Talens	- On seminar
Kagawad Ramulfo C. Bernal	- Member

- -

KAPASYAHAN BLG. 063
Taong 1996

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA PAMUNUAN NG ORMECO PARA SA MADALIANG PAG-IINSPEKSYON AT PAGSASAAYOS NG MGA POSTE NG KURYENTE SA BARANGAY ODIONG AT SA IBA PANG LUGAL SA ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T noong Hunyo 28, 1996, anim na poste ng kuryente sa Barangay San Aquilino ang bumagsak na nagdulot ng apat (4) na araw na brown-out sa bayang ito at lubhang nakaapekto sa mga pang-araw-araw na gawain ng mga residente, sa kanilang mga hanapbuhay at sa pangangalakal ng mga mamamayan;

SAPAGKA'T sa pangyayaring ito, kapuna-puna sa mga mamamayan ang marami pang mga posteng kahoy ng kuryente na sa kalumaan ay nakatagilid na rin at anumang oras ay maaaring bumagsak lalo na sa mga buwan ng Hulyo hanggang Disyembre kung saan napakalimit ng pag-ulan at ng pagdating ng bagyo;

SAPAGKA'T nararapat lamang na ang mga kasiraang ito lalo na ang mga posteng kahoy ay agarang makumpuni at maisaayos upang maging handa sa mga di-inaasahang pagsama ng panahon o pagdatal ng bagyo at ibang kalamidad;

SAPAGKA'T para sa kapakanan ng mga mamamayan ng Roxas ang pangangailangang ito ay mapitagang itinutukoy sa kinauukulang awtoridad at dito ay sa tanggapan ng ORMECO upang mabigyan ng maagap na karampatang pag-aksyon.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Eduardo G. Villamin na pinangalawahan ni Kagawad Jesus S. Dela Cruz -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin sa pamunuan ng ORMECO ang madaliang pag-iinspeksyon at pagsasaayos ng mga poste ng kuryente sa barangay Odiong at sa iba pang lugal sa Roxas, Silangang Mindoro upang mapanatili ang pagbibigay ng wasto at nararapat na serbisyo sa mga mamamayan.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Engr. Arlos Magtibay, Chairman of the Board, ORMECO, Calapan, Silangang Mindoro para sa kanilang kaalaman at naaayong pagpapasya.

IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito sina Engr. Armando Gunay, Area Manager, ORMECO ROMANSUL area at G. Joseph Estrada, Member of the Board of Directors, ORMECO Roxas, Silangang Mindoro para sa kanilang kaalaman at suporta sa kapasyahang ito.

Pinagtibay: 01 Hulyo 1996

- -

CERTIFIED CORRECT:

VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED:

JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor

APPROVED:

GELACIO I. YASON
Municipal Mayor

merz/